



# ELEKSYON MUNISIPAL

**Ang susunod na halalan sa munisipyo ay gaganapin sa Lunes, Oktubre 18, 2021.**

Ang mga botante ay magboboto para sa isang Alkalde at anim na konsehal ng munisipyo.

## IMPORMASYON PARA SA MGA KANDIDATO

I-download ang Hanbuk ng mga Kandidato (PDF) upang matulungan kang maunawaan ang mga kinakailangan sa tungkulin at maka-akses ng mga mapagkukunang impormasyon.

Ang Local Authorities Election Act (LAEA) ay namamahala sa halalan para sa mga lokal na hurisdiksyon ng Alberta. Ang lahat ng kandidato ay dapat suriin ang LAEA para sa kumpletong mga detalye sa proseso ng nominasyon.

Ang Gobyerno ng Alberta ay gumawa ng maraming mahahalagang impormasyon na naghighlight ng mga kamakailang pagbabago sa Lokal Authorities Election Act, kasama ang impormasyon sa pananalapi sa kampanya at mga Pagbabago sa Pagsisiwalat ng Kontribusyon. Ang mga kandidato ay responsable sa pagsusuri at pagsunod sa lahat ng mga kinakailangang pambatasan ng lalawigan.

### MGA NOMINASYON

Ang mga form ng nominasyon ay dapat na isumite sa Returnig Officer sa pagitan ng Enero 1, 2021 at Setyembre 20, 2021, sa tanghali.

Ang mga form ng nominasyon ay maaaring ihain sa pamamagitan ng regular na koreo gamit ang address sa ibaba, o isumite ng personal. Mangyaring makipag-ugnay sa Returning Officer para makagawa ng appointment para sa pansariling pag-file. Higit pang impormasyon ang ibabahagi habang nagbabago ang mga paghihigpit sa pandemya.

Christine Nadon | Returning Officer

Email: [cnadon@town.jasper.ab.ca](mailto:cnadon@town.jasper.ab.ca) | Phone: 780-852-4724

Lokasyon ng Opisina: 303 Bonhomme Street (Jasper Activity Centre)

Address na Pagpapadalhan:

Christine Nadon, Returning Officer

Municipality of Jasper

PO Box 520, Jasper, AB T0E 1E0

\*Ang mga nominasyon sa pamamagitan ng fax o email ay hindi tatanggapin.



# ELEKSYON MUNISIPAL

## MGA FORM NG NOMINASYON

**Ang lahat ng mga kandidato ay dapat kumpletuhin at isumite ang mga sumusunod na mga form:**

- Form 4 - Papel ng Nominasyon at ang Pagtanggap ng Kandidato o (Nomination Paper and Candidate's Acceptance) (PDF)
- Form 5 - Impormasyon sa pananalapi ng kandidato o (Candidate Financial Information) (PDF)
- Ang mga form sa itaas ay ipinasadya para sa Munisipalidad ng Jasper para sa kadalian ng paggamit at pagkumpleto. Ang mga form na Panlalawigan ay tatanggapin din, at maaaring ma-download mula sa website ng Gobyerno ng Alberta.

### **Form 4 - Papel ng Nominasyon at ang Pagtanggap ng Kandidato**

- Ang mga kandidato ay maaari lamang tumakbo para sa isang "opisina", maging Alkalde o Konsehal.
- Ang form 4 ay dapat pirmahan ng limang (5) karapat-dapat na mga botante ng Munisipalidad ng Jasper.
- Dapat suriin ng mga kandidato ang tinukoy na mga seksiyon ng Local Authorities Election Act.
- Ang form na ito ay dapat pirmahan ng isang Commissioner for Oaths o Notary Public para sa Alberta kung ipapadala mo ito sa pamamagitan ng koreo. Kung isusumite nang personal, ang Returning Officer o delegado ay maaaring lagdaan ang form para sa iyo.

### **Form 5 - Impormasyon sa pananalapi ng kandidato**

- Ang form 5 ay nagsisilbing pag-dokumento ng impormasyon sa pananalapi ng kampanya. Kailangan mong kumpletuhin ang form na ito kahit na wala kang balak tanggapin ang mga kontribusyon sa kampanya (pabayaang lamang ang "kung naaangkop" na walang laman sa mga pangyayaring iyon).
- Huwag magsama ng anumang personal na impormasyon sa pagbabangko; ang form na ito ay nagsisilbi upang idokumento lamang ang mga account sa kampanya.

\*Mangyaring tandaan na walang ward system sa Munisipalidad ng Jasper, at hindi kinakailangan ng deposito para i-file ang iyong mga papel sa nominasyon.

## IMPORMASYON NG BOTANTE

Impormasyon kailan / saan magboboto at ang mga kinakailangan sa pagkakakilanlan ng botante ay magiging available malapit sa Araw ng Halalan.

### **Mahahalagang Petsa**

- Lunes, Enero 4, 2021: Unang araw ng panahon ng nominasyon
- Lunes, Setyembre 20, 2021: Huling araw upang mag-file ng mga papeles ng nominasyon. Takdang oras ay 12 p.m. (tanghali).
- Martes, Setyembre 21, 2021: Ang deadline para sa mga kandidato upang umatras sa nominasyon o magpalit ng opisina. Takdang oras ay 12 p.m. (tanghali).
- Lunes, Oktubre 18, 2021: Araw ng Halalan.